



DENGUE

Awareness Month

Ang dengue ay ang pinakamabilis na lumalaganap na vector borne disease sa buong mundo. Ito ay dulot ng Dengue Virus na merong 4 na uri o serotype (DENV1, DENV2, DENV3, DENV4).

Aedes aegypti at Aedes albopictus

Ang mga lamok na Aedes aegypti at Aedes albopictus ay tinutukoy na vector sa paglaganap ng dengue. Ang babaeng lamok ay nagdadala ng virus sa nakakagat nitong mga tao. Kadalasang makikita ang mga lamok na ito sa madaling araw o dapithapon sa mga lugar na mayroong tubig na di umaapaw. Maaring matukoy ang mga lamok na ito dahil sa mga kulay puting marka sa katawan at paa nito.

Aedes aegypti




Aedes albopictus



Sintomas

Ang mga sumusunod ang karaniwang sintomas ng Dengue:

- Lagnat
- Pananakit ng ulo
- Panghihina ng katawan
- Pananakit sa likod ng mata
- Pananakit ng kasu-kasuan
- Pananakit ng laman
- Kawalan ng gana kumain
- Pagsusuka
- Pagtatae
- Petichiae - pantal na mukhang maliit pulang tuldok na maaring kumalat sa buong katawan (picture below)



Source: www.cdc.gov



Warning signs

Ang mga sumusunod ay mga sintomas ng posibleng malalang kaso ng dengue. Inaabisong pumunta agad sa ospital kapag may isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Pananakit ng tiyan.
- Manas sa tiyan o ibang bahagi ng katawan.
- Walang tigil na pagsusuka.
- Pagdurugo sa ilong, bibig o sa pagdumi.
- Labis na pagiging matamlay o lethargy.

Phases of Dengue Infection

Nahahati sa 3 bahagi ang

Dengue:

1. Febrile Phase

- Tumatagal ng 2 – 7 na araw.
- Mataas ang antas ng lagnat (38C pataas).
- Maaring makakita ng bahagyang pagdurugo ng giligid o ilong.
- Mahalagang bantayan ang warning signs.

2. Critical Phase

- Maaring bumuti o lumala ang kondisyon ng pasyente.
- Ang pagbaba ng lagnat ay nangyayari sa ikatlo hanggang ikapitong araw ng sakit. Mas mababa ang lagnat sa panahong ito (37.5C – 38C).
- Madalas nakikita ang mga warning signs sa critical phase at maaring magkaroon ng severe Dengue ang pasyente sa loob ng 24 - 48 na oras tapos bumaba ang lagnat kapag di ito naagapan agad.



4S kontra Dengue ng DOH

- Sugpuin ang tirahan ng lamok sa bahay – mga lugar na may stagnant na tubig.
- Self protection – magsuot ng damit na di madilim ang kulay at mahaba ang manggas; paggamit ng repellent (sa madaling araw at dapit hapon).
- Seek early consultation – agad na pumunta sa ospital kapag may mapansin sa mga warning signs.
- Support fogging/spraying in dengue hotspots – ang paggamit ng kemikal upang masugpo ang mga lamok sa lugar na madaming kaso ng dengue.

Source: DOH

Paggamot ng dengue

- Sa kasalukuyan, walang isang epektibong gamot laban sa dengue.
- Walang bisa ang antibiotics laban sa kahit anong virus. Ito as para lamang sa bacteria.
- Maari lang tayo magbigay lunas sa mga sintomas gaya ng pamababa ng lagnat.
- Agad pumunta sa ospital kapag may napunang warning signs.